# Tala ng Editor

**PROP. ROMMEL B. RODRIGUEZ, PH.D.**

Ito na marahil ang unang pagkakataon na maglalabas ang Daluyan ng espesyal na isyu na nakatuon lamang kay Jose Rizal. Batid natin na marami na ring mga pag-aaral, saliksik at mga malikhaing akda ang tumalakay at hango sa buhay at mga akda ni Jose Rizal. Katunayan hanggang sa kasalukuyan, mandato pa rin sa ating sistema ng edukasyon na mailangkap sa mga kinukuhang yunits sa kolehiyo ang pag-aaral hinggil kay Jose Rizal. Sa Unibersidad ng Pilipinas halimbawa, itinuturo ang Philippine Institutions 100 bilang kursong akademiko na nakatuon sa pagtalunton sa buhay at pagsusuri sa mga akdang isinulat ni Rizal.

Noong inisip ang espesyal na isyu na ito ng Daluyan, mayroon namang mga tumugon na mga mananaliksik at malikhaing manunulat. At dahil kinailangang dumaan sa proseso ng pagtatasa ang mga manuskrito, unti-unting nabawasan ang mga kontribusyon hanggang sa umabot tayo sa koleksiyon na ito. Katunayan, inisip namin noon kung itutuloy pa ba ang proyekto dahil sa pag-aakalang magiging manipis ang koleksiyon. Gayunman, nanaig pa rin sa amin na kahit pa naging limitado ang mga manuskrito at akda na binubuo ng ilang kritikal at malikhaing sanaysay, dagli, at mga tula, mas nangibabaw ang nasa namin na kahit papaano'y may mahalagang ambag pa rin ang espesyal na isyu na ito ng Daluyan sa usapin ng patuloy na paglikha ng mga batayang kaalaman na nakabatay sa buhay at mga akda ni Rizal. Idagdag pa ang usapin na maaari pa ring maging batayan ang mga manuskrito at akdang nakapaloob sa isyu na ito sa pag-aaral hinggil kay Rizal sa loob at labas ng UP Diliman.

Kung tutuusin, ang espesyal na isyu na ito ng Daluyan ang magiging huling isyu kung saan ako nagsilbing pangkalahatang editor at direktor ng Sentro ng Wikang Filipino. Hindi magiging posible ang pagkakalathala ng isyu na ito kung wala ang patuloy na tulong at suporta ng kasalukuyang administrasyon ng SWF-Diliman sa pangunguna ng bago nitong direktor na si Prop. Michael Francis Andrada, Ph.D. Gayundin, bagaman batid ko na abala sa pagiging administrador noon ang mga nagsilbing mga kasamang editor ng isyu na sina Prop. Bernadette Abrera, Ph.D. (na nagsilbi noong Dekana ng Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya) at Prop. Gonzalo Campoamor II, Ph.D. (na ngayon nama'y Bise Tsanselor ng UP Diliman), lubos pa rin ang aking pasasalamat sa naging ambag nila upang matipon at maisakatuparan ang proyektong ito. Si Prop. Abrera ay isa sa mga kinikilalang historyador ng bansa, samantalang si Prop. Campoamor nama'y isa ngayon sa mga haligi sa pagtuturo ng PI 100 sa UP Diliman. Hindi matatawaran ang kanilang kontribusyon sa pagbuo ng proyektong ito.

Sa aking pagkakaalam, sa panahon ng panunungkulan ni Professor Emeritus Rosario Torres-Yu nagsimulang maging online ang Daluyan at makasama sa iba pang online journal ng UP Diliman na libreng naaakses at nada-download ng mga guro, mag-aaral at mananaliksik. Ngayon natin nakikita ang halaga ng pakikipagsabayan ng mga publikasyon ng SWF sa usapin ng teknolohikal na aspekto bukod pa sa pagkakataong patuloy na makalikha at magbahagi ng kaalaman lalo ngayong panahon ng pandemya. Bukod pa ito sa binuong Aklatang Bayan Online na ipinagpapatuloy pa rin at masiglang naglalathala ng mga aklat na libreng mababasa ng ating mamamayan.

Sa huli, sana'y maging munting ambag ang isyu na ito sa patuloy nating pag-aaral at pagpapalalim sa kabuluhan ng buhay, pakikibaka, at mga akda ni Jose Rizal sa mga Pilipinong mag-aaral. Sa panahon ngayon na tila nasa banta ng pagkalusaw ang ating identidad bilang lahi dahil sa hamon ng globalisasyon at kultural na pananakop ng mga itinuturing na makapangyarihang mga bansa, tiyak na ang paghango natin ng mga batayang kaalaman, inspirasyon at aral kay Rizal ay mabisang kalasag upang hindi tayo tuluyang maligaw sa sarili nating kasaysayan at pagtalunton sa hinaharap.